Nakakulong sa Dasmarinas City Police Station ang suspek na si Ernesto Palomo, may-asawa, ng Excess Lot Brgy San Francisco 1, Dasmarinas City dahil sa reklamo ni Mary Jane Chico, 31, sales manager ng Tesco Dry Goods na matatagpuan sa Sitio Pintong Gubat, Brgy Paliparan 3.

Sa ulat ni SPO1 Sean Franciso, ng Dasmarinas City Police Station, pumasok ang biktima sa nasabing tindahan at nagkunwang customer.

Nang naispatan ang mga kutsara't tinidor ay isinilid nito sa kanyang dalang bagpack at saka lumabas na hindi nagbayad.

Lingid sa kanyang kaalaman ay napuna ni Myrna Lipata, 36, lady guard na tila kakaiba ang bigat ang dalang bag ni Palomo kaya hinarang nito at dito nakita ang 40 pirasong tinidor at 64 pirasong kutsara na nagkakahalaga ng P2,643.

Kasong Theft Thru Shoplifting ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**



**REACHING OUT THE INDIGENT STUDENTS BY GRANTING SCHOLARSHIP ASSISTANCE:** In its aim to show their support and augment the educational needs of the youth, the Provincial Government of Cavite led by Governor Boying Remulla, thru the Provincial Scholarship Program spearheaded the distribution of educational assistance held at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City on November 06, 2018. A total number of 564 online scholars in the morning and 4,326 students in the afternoon were granted scholarship assistance to aid their school expenses. The governor reminded everyone that education serves to be one of the biggest investments for a better future and mentioned the capabilities of the new generations to adjust on modernizations and progress in the community. Meanwhile, OIC-Provincial Administrator for Community Affairs and PSP Chairman Alvin Mojica motivated the students to have an outstanding performance and strive hard to finish their studies. Also present during the scholarship distribution were Governor Jonvic Remulla, Indang Councilor Ping Remulla, Tanza Councilor Lito Langit and PSP Vice Chairman Ben Golfo who showed their commitment to the event. — **(PICAD)**

# Nakaupo sa nakaparadang motorsiklo, 'nasuro'

PATAY ang isang 34-anyos na hospital clerk matapos banggain ng isang sasakyan habang nakaupo ito sa kanyang motorsiklo na nakaparada malapit sa gate ng isang subdibisyon sa Bacoor City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Imus Medical Center ang biktimang si Anna Kathleen Mae Padon Domingo, may-asawa, ng Bock 15 Lot 17 Green Town Villas Extn., Brgy Mambog 4, Bacoor City.

Naaresto naman ang driver ng isang kulay gray na Toyota Avanza (A8 W228) na si Alma Lajara, 37, may-asawa ng Block 2 Lot 6, Green Town 1 Extn., Brgy. Mambong 3.

Sa report ni PO3 Francis Mark Cortez, ng Bacoor City Police Station, dakong ala-5:00 ng hapon nang naganap ang insidente malapit sa entrance ng Greentown Villas 1 kung saan minamaneho ni Lajara ang kanyang sasakyan sa direksiyon ng Mambog Road at pagliko sa direksiyon sa gate ng nasabing subdibisyon nang mawalan ng kontrol sa kanyang manibela at nabundol ang biktima na nakaupo lamang sa kanyang motorsiklo habang nakaparada.

Isinugod pa ang biktima sa ospital subalit namatay din ito dakong alas-8:28 ng gabi.

Kasong Reckless Imprudence resulting in homicide and damaged to property ang isinampang kaso laban kay Lajara. **GENE ADSUARA**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.**
Mortgagee,
**FORECLOSURE CASE NO. F-214-18**

-versus-

**SPS. CHARMAINE M. ALICANTE A.K.A. CHARMAINE ALICANTE, A.K.A. CHARMAINE DUANTE; A.K.A. CHARMAINE ALICANTE DUANTE; A.K.A. CHARMAINE A. DUANTE AND NOEL D. DUANTE A.K.A. NOEL DUANTE,**
Mortgagors.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.,** with principal office address at Paseo de Roxas cor. Dela Rosa Sts., Makati City against the Mortgagors, **SPS. CHARMAINE M. ALICANTE A.K.A. CHARMAINE ALICANTE, A.K.A. CHARMAINE DUANTE; A.K.A. CHARMAINE ALICANTE DUANTE; A.K.A. CHARMAINE A. DUANTE AND NOEL D. DUANTE A.K.A. NOEL DUANTE,** with residence and postal address at Blk. 7, Lot 15 Ph-2A, Pacita I, Biñan, Laguna and Lot 3, Blk. 36, Brisbane St., Eagle Ridge Golf & Country Club., Gen. Trias, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of April 25, 2018 amounts to **ONE MILLION ONE HUNDRED THIRTY THOUSAND SIX HUNDRED FIVE PESOS and 57/100 (P1,130,605.57),** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties as of said date but exclusive of all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **December 14, 2018** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2013029846**

A parcel of land (Lot 3, Blk. 36, of the cons.- subd. plan, Pcs-04-012217, being a portion of the cons. of Lots 2927, 2928, 2929, (RS-04-000978), 2938 (RS-04-000969), 2939, 2940 (RS-04-0002439), 2950-2951, 2952, (RS-04-0002437), 2957 (RS-04-000968), 2969, 2970 (RS-04-0002438), 2953, 2958, 2959, all of San Francisco De Malabon Estate, L.R.C. Rec. No.__), situated in the Brgy. of Tractora & Javalera, Mun. of Gen. Trias, Province of Cavite. Bounded on the S., along line 1-2 by Lot 2; on the NW., along line 2-3 by Lot 5, both of Blk.36; on the NE., along lines 3-4 by Road lot 45; on the SE., along line 4-1 by Lot 1, Blk. 36, all of the cons-subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x containing an area of THREE HUNDRED FIFTEEN (315) SQ. METERS, x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **December 21, 2018** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, **October 29, 2018**

**LUCIO C. ALEJO III**
**Sheriff IV**

**Copy Furnished:**
**BPI LEGAL AFFAIRS AND DISPUTE RESOLUTION DIVISION**
Counsel for BPI Family Savings Bank
14th Floor BPI Bldg. Ayala Ave. cor.
Paseo De Roxas St., Makati City

**SPS. CHARMAINE & NOEL DUANTE**
Blk. 7, Lot 15 Ph-2A, Pacita I, Biñan, Laguna and
Lot 3, Blk. 36, Brisbane St., Eagle Ridge Golf & Country Club., Gen. Trias, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** November 5, 12 and 19, 2018



# CATRIONA GRAY, NAKIKITAAN NG DETERMINASYON

SALUDO ang ating mga kababayan sa nakikitang determinasyon ni Catriona Gray.

Meaning ay kumpiyansa at tiwala ang lahat na maisusuot ng Bicolana beauty queen ang korona ng Ms. Universe.

Kapag nagkataon ay ito na ang ikaapat na Ms. Universe crown na masusungkit ng bansa natin.

Batay nga sa ginawang pakikipanayam ng Bombo Radyo Naga kay Carlo Villa, pageant enthusiast mula Nevada, USA ay nakikita nito ang determinasyon kay Catriona.

May kakayahan ang Bicolana beauty queen na maibubulsa ang pang-apat na titulo ng prestihiyosong pageant para sa Pilipinas.

Ang isa sa nakikitang dahilan o pruweba ni Catriona ay kakaibang talinong ipinakita ng 24-anyos beauty queen sa question and answer portion.

Hindi magiging hadlang ang naturang determinasyon kahit nabigo ang mga pambato natin sa katatapos na Ms. Earth 2018 at Reina Hispanoamericana.

Up to now ay bumubuhos pa rin ang pagbati ng ating mga naging pambato sa 2018 Miss Earth pageant, na ginanap sa Pasay City, at sa Miss Reina Hispanoamericana na idinaos naman sa Bolivia.

Congrats kina Fil-Italian Celeste Cortesi at sa singer na si Alyssa Muhlach Alvarez.

Bigo man ang dalawa sa korona ay sadyang ginawa naman nila ang lahat.

May payo nga pala si Carlo kay Celeste tungkol sa mga negatibong komento na natatanggap dahil sa sagot nito sa nakaraang coronation night ng pageant.

Dedma na lamang daw sa mga komento ng netizens at sa halip ay enjoy her reign.

## HANEP SHOWBIZ

# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 90 labas)

"PASENSYA na po kayo sa aking anak kung nakaistorbo s'ya sa pagtitipong ito."

Isang matandang babae ang dumating at isinasama na ang kaninang nagsisisigaw.

"Labis po siyang nagmahal sa isang lalaki sa kabila na alam n'yang may pananagutan na 'yun."

"Kahit may pamilya o asawa at anak ang lalaki ay mas pinili pa rin n'yang magmahal."

"Wala raw s'yang pakialam kahit isa lamang s'yang other woman o kabit."

"Kahit anong pakiusap at pagmamakaawa ko ay mas pinili pa rin n'ya 'yung lalaki."

"Ibinahay s'ya ng lalaki subalit nang sila ay magkaanak ay iniwan lamang ang aking anak."

Nang makababa si Kardo sa entablado ay pinuntahan niya ang matandang babae at anak nito.

Hindi napigilan ang matanda sa pagkukuwento ng nangyari sa kanyang anak.

"Syempre ay isa akong ina kaya 'di ko s'ya matitiis lalo at may apo na ako sa kanya."

"Kung nakaistorbo man s'ya sa okasyong ito ay ako na po ang humihingi ng despensa."

"Nakaligtaan ko kasi may iba akong ginagawa, 'di naman s'ya palaging lumalabas."

"Mas madalas na nasa bahay lamang s'ya, nagkataon lamang na maraming tao kaya naiisipan sigurong lumabas."

Pinapawi naman ni Kardo ang panghihingi ng paumanhin ng matandang babae.

"Sobrang tigas ng ulo ng anak kong 'yan, kung ano ang gusto ay 'di napipigilan."

"Sinabihan nga ako n'yan dati na wala naman daw masama kung hihiram lang s'ya ng oras 'dun sa lalaki."

Parang biglang tinamaan si Kardo sa mga sinasabi sa kanya ng matandang babae.

Paano nga ba kung sa sitwasyon nila ni Lyka mangyari ang ganoong pangyayari.

"Iniwan s'ya ng lalaki dahil nabisto na ng asawa ang pambababae ng kanyang mister."

"Magsisisi ka 'pag ako ay iniwanan mo."

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-89 labas)

"MAGSALITA ka 'atorni, ang tanong ko po ay kung makakalabas na ba ako?"

Tahimik kasi na humarap si Dagul kay Caloy, na paulit-ulit naman sa pagtatanong.

Sobrang sabik na si Caloy na makalabas ng piitan kahit pansamantalang paglaya sa pamamagitan ng piyansa.

"Mayroong 'di magandang balita, ang biktima ay tuluyang nalagutan ng hininga."

"Patay na ang biktima, 'di na naisalba ng mga doktor ang kanyang buhay."

Nanlumong bigla si Caloy at paulit-ulit na nagtatanong kung ano g ba ang magandang gagawin upang siya ay makalaya.

"Mahihirapang maibaba sa homicide ang kaso mo dahil sa pagkamatay ng biktima."

"Pasuk na pasok ka sa murder case at ito ay walang kaukulang piyansa."

Matagal-tagal na katahimikan ang namayani, walang nagsasalita sa dalawa.

"Sabihin po ninyo 'atorni kung ano ang mainam na gagawin, nakahanda ako para makalabas ako dito."

"Sabihin po ninyo 'atorni kung ano pa ang pwedeng magagawa at handa akong makipagtulungan."

Mainam na mismong kay Caloy nagmula ang pahayag na iyon na medyo ikinatuwa ni Dagul.

Hindi naman likas ang kasamaan ni Caloy sa halip ay isa lamang siyang biktima ng maling landas.

Napasama sa maling mga kaibigan o barkada na nagtulak sa kanya sa kasamaan.

"May isa pang natitirang paraan na maaari kong maitulong sa'yo upang makalabas ka rito."

Nabuhayan ng loob si Caloy sa narinig mula kay Dagul kaya pilit niyang inaalam kung ano 'yun.

"Sabihin mo na 'atorni kung ano ba talaga 'yun, parang awa mo na po."

Naghihintay si Caloy ng kasagutan pero bumubuntong-hininga pa si Dagul.

(Sundan)



**CONGRATS CHRISTIAN**

Speaking of pagbati, congratulate lamang natin si Christian Bables sa pagkakatanggap ng best actor awards .

Ito ay ang katatapos na 2018 Hanoi International Film Festival sa Vietnam.

Ang award ay mula sa ginampanan niya sa pelikulang 'Signal Rock' na idinirehe ni Chito S. Rono.

Ang aktres na si Angeli Bayani ang tumanggap ng award dahil hindi nakadalo ang aktor.

Todo ang pasasalamat ng aktor sa lahat ng sumuporta sa kanya lalo na sa batikan at premyadong direktor.

PAALAM BANGKAY

Hindi pa man nakakatapos sa pagluluksa ang industriya sa pagpanaw ng beteranong singer na si Rico J. Puno, heto at isa na naman ang nawala sa mundo ng showbiz.

Si Nonong de Andres, na mas nakilala bilang 'Bangkay' sa industriya ay sinasabing nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbibigti sa edad na 71.

Tubong Masbate si Bangkay subalit namamahala siya ng isang beach resort sa Plaridel, Quezon.

Ang nasabing beach resort, na pag-aari ng town mayor, ay pinamamahalaan ni Bangkay sa loob ng mahigit 10 taon.

Si Bangkay ay unang napanood sa pelikulang 'Kisame Street' na pinagbibidahan nina Dolphy, Panchito, at Nida Blanca noong 1976.

Naging patok siya sa pagganap bilang bangkay dahilan at ito na ang ginamit niyang screen name.

Tampok din si Bangkay sa maraming sexy movies at hindi lamang sa horror films.

Paalam Bangkay, hindi matatawaran ang ibinahagi mo sa industriya.

# 38 NAGSIPAGTAPOS NG LIFEGUARD TRAINING SA CALABARZON

**TATLUMPU'T WALO na indibiduwal na sumailalim sa 8-araw na pagsasanay ang nagsipagtapos sa kauna-unahang lifeguard training na isinagawa kamakailan sa rehiyon sa CALABARZON.**

Ayon kay Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo, mahalaga sa isang resort na may lifeguard na may kasanayan dahil sila ang "first line of defense" at unang sasagip sa buhay ng kanilang guest sa anumang kapahamakan.

"You are the most important member of your establishments, because you know how to save lives and you are trained to protect the safety and security of guests and tourists who will be going for a bathe in the pool, on the beach or island hopping in distinct places where they will be spending time swimming or snorkeling," ayon kay Janairo sa harap ng mga nagsipagtapos na isinagawa sa La Suena Brisa Resort sa Lemery Batangas.

Pinayuhan din ni Janairo ang mga participants na umiwas sa mga bisyo tulad ng paninigarilyo at pag-inum ng alak upang mapanatili ang kanilang kalusugan at magampanan ang kanilanag trabaho.

Sa 38 na nagsipagtapos, 4 na participants ay galing sa Cavite; 7 mula sa Laguna; 8 sa Batangas; 11 sa Rizal at 8 naman sa Quezon kung saan 32 na resort dito ang tumugon kabilang ang dalawang miembro ng Provincial Disaster Risk and Management Office (PDRRMO).

Kabilang sa 8-araw na ginawa nilang pagssanay ay first aid treatment, basic life support, water safety, swimming strokes, rescue techniques (non-swimming & swimming rescue), lifesaving and survival techniques, mass casualty incident operation at endurance swim. **GENE ADSUARA**

# Pulis-Maynila, tugis ng Cavite-Pulis

PINAGHAHANAP ng Cavite police ang isang pulis Maynila matapos na ireklamo ng homeowners association dahil sa walang habas umano nitong pagpapaputok ng baril na nagdulot ng takot sa mga residente sa Bacoor City, Cavite.

Kasong indiscriminate firing ang insinampang kaso laban sa suspek na si SPO2 Leo Mendoza, 37, nakatalaga sa Manila Police District (MPD) Jose Abad Santos Police Community Precint (PCP), may live-in partner ng Mikas St., Villanueva Subd., Brgy Real 1 Bacoor City dahil sa reklamo ni Alma Garde, 63, preside ng HOA ng naturang subdivision.

Sa report ni SPO1 Michael Legaspi, Jr., ng Bacoor City Police Station, dakong alas-7:00 ng gabi nang nakatanggap sila ng tawag kay Brgy. Captain Luisito Manlapaz ng Brgy Real 1 hinggil sa walang habas na pagpapautok ng baril sa Mikas St., Villanueva Subd., na nagdulot ng takot sa mga residente kung saan ang itinuturong suspek ay si Mendoza.

Agad namang rumesponde ang mga kagawad ng Malumot PCP at SWAT team sa lugar kung saan basyo na lamang ng kalibre 5.56 rifle ang narekober at umeskapo na si Medoza.

Maging sa kanilang bahay ay hindi na rin naabutan ang nasabing pulis.

Nabatid na lasing umano ang suspek nang walang habas itong nagaputok ng baril. **GENE ADSUARA**



Pinakikita ng dalawang bata ang kanilang mga kamay na may tali. Nilagyan sila ng tali ng kanilang magulang upang hindi sila mawala sa dami ng tao na pumunta sa sementeryo noong Araw ng mga Patay. **(FREDDIE M. MANALAC)**



**NASABAT** ng Manila Police District Station-5 sa isinagawang buy-bust operation ng mga tauhan ni Sr. Insp. Rowell Robles (SDET) ang dalawang suspek na kinilalang sina Mhar Vincent Ramos 2, ng East Rembo Makati City; at Jeff Colorado, 20, ng Sta. Mesa, Manila. Nakuha at nabawi sa mga suspek ang P1,000.00 boodle money at 10 kilong kush high grade marijuana naka silid sa dalawang camping black bag.**(Christian Heramis)**



**BALITAAN SA MAYNILA FORUM-** Nagpakuha ng larawan ang tatlong panauhin sa Balitaan sa Maynila na sina Mr. Ariel Sebellino, Phil. Press Institute Exec, Dir. & NJUP Rep. (pangalawa mula sa kaliwa), Mr. Erin Tanada, Former Depuy House Speaker at Mr. Obet Martin, President, Pasang Masda. Kasama rin sa larawan ang dalawang moderator na sina Mr. Rambo Labay (Kaliwa), Mr. Chavez, Mr. Dave Veridiano at JedRaul Maderazo. **(FREDDIE M. MANALAC)**



Dr. Susana C. Castillo, Head of the Health Operation and Development Unit of DOH-CALABARZON, emphasizes the importance of a licensed and accredited health facility in health care delivery to local health officials of Batangas during the conduct of the three-day "Collaborative Planning Workshop on Quality Management for City Health Offices, Rural Health Units and Barangay Health Stations Province of Batangas" held at the Ramada Hotel in Binondo, Manila on October 24-26, 2018. **BOY NAMORA**


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CITY

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-272-18**

-versus-

**SPS. NESTOR P. SAYON AND EMELITA R. SAYON,**
Mortgagor.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.,** with business address at BDO Corporate Center, 7899 Makati Avenue, Makati City against the Mortgagor, **SPS. NESTOR P. SAYON AND EMELITA R. SAYON,** with residence and postal address at Lot 22, Blk. 17, Mary St., Stateland View Subd., Brgy. Manggahan, Gen. Trias, Cavite and Lots 9 & 10, Blk. 17 along Road Lot 6, Brgy. Manggahan, Gen. Trias, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 10, 2018 amounts to **TWO MILLION THREE HUNDRED FIFTY THREE THOUSAND SEVEN HUNDRED THIRTY SIX PESOS and 79/100 (P2,353,736.79),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **December 12, 2018** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

### TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2012027400

A parcel of land (Lot 9, Blk. 17, of the cons. and subd. plan, Pcs-04-001055, being a portion of the cons. of Lot 12, Blk. 6 & Lot 16, Blk. 9, both of Psd-04-003491 & Lot 2621-B, Psd-04-003431, LRC rec. No.), situated in Bo. Of Buenavista, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite. Bounded on the W., along line 1-2 by Road Lot 6; on the W., along line 2-3 by Lot 10, Blk.17; on the SE & NE., along lines 3-4-5 by Blk. 19; and on the S., along line 5-1 by Lot 8, Blk. 17, all of the cons-subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x containing an area of SEVEN HUNDRED SEVENTY FOUR (774) SQ. METERS, x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **December 19, 2018** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, **October 29, 2018**

**LUCIO C. ALEJO III**
**Sheriff IV**

**Copy Furnished:**
**BDO UNIBANK, INC.**
**RISK MANAGEMENT GROUP-REMEDIAL MANAGEMENT UNIT**
11th Floor, BDO South Tower, BDO Corporate Center
7899 Makati Ave., Makati City

**SPS. NESTOR & EMELITA SAYON**
Lot 22, Blk. 17, Mary St., Stateland View Subd., Brgy. Manggahan, Gen. Trias, Cavite and Lots 9 & 10, Blk. 17 along Road Lot 6, Brgy. Manggahan, Gen. Trias, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** November 5, 12 and 19, 2018

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CITY

**UNITED COCONUT PLANTERS BANK,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-213-18**

-versus-

**SPS. IBARRA NACARIO URMENETA and RODALYN BUSTALINA URMENETA,**
Mortgagors.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **UNITED COCONUT PLANTERS BANK** with business address at UCPB Executive Bldg., Makati Avenue, Makati City against the Mortgagors, **RODALYN BUSTALINA URMENETA, signing in her personal capacity and as Atty-in-Fact of IBARRA NACARIO URMENETA** with residence and postal address at 2142 F. Muños St., Singalong, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which as of May 28, 2018 amounts to **ONE MILLION SIX HUNDRED EIGHTEEN THOUSAND SIXTEEN PESOS and 87/100 (P1,618,016.87),** Philippine Currency, inclusive of interest and penalty as of said date, & attorney's fees but exclusive of other obligation and charges that shall still accrue up to the date of the public auction, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **December 13, 2018** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

### TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2016023635

**Lot No. 99** **Block: 1** **Plan No. Pcs-04-027873**

**Portion of:** Block 16, Pcs-04-027575; Lot 98, Block 2, Psd-04-226212 & Lot 1663 all of San Francisco de Malabon Estate, Decreed No. 4270, LRC Rec. No. 5964

**Location:** Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon

**Boundaries:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SW | Lot 98, Block 1 Pcs-04-027873 |
| 2-3-4 | NW | Road Lot 2, Pcs-04-027873 |
| 4-5 | NE | Road Lot 1, Pcs-04-027873 |
| 5-1 | SE | Lot 97, Block 1, Pcs-04-027873 |

**Area: SEVENTY TWO SQUARE METERS (72), more or less**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **December 20, 2018** without further notice.

Trece Martires City, **October 29, 2018**

**LUCIO C. ALEJO III**
**Sheriff IV**

**Copy Furnished:**
**LEGAL SERVICES GROUP**
Counsel for United Coconut Planters Bank
9th Floor, UCPB Executive Building
Makati Ave., Makati City

**SPS. IBARRA & RODALYN URMENETA**
2142 F. Muñoz St., Singalong, Manila

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** November 5, 12 and 19, 2018

# 2 SUSPEK NA 'DUMEDO' SA GMA CAVITE LGBT VP, NATIKLO

**HAWAK na ng Cavite police ang dalawang suspek sa pagpatay sa Vice President ng LGBT sa isinagawang follow up operations sa Dasmarinas City, Cavite.**

Kinilala ni Police Chief Inspector Romulo Dela Rea, hepe ng Gen. Mariano Alvarez Municipal Police Station, ang mga suspek na sina John Paulo Muega, 18; at isang alias Jayjay, 16, kapwa residente ng Brgy. Luzviminda 2 Dasmarinas City.

Ang dalawa ay suspek sa pagpatay kay Cyrus Legarda, 40, binata, vice president ng LGBT sa GMA, Cavite at residente ng Block 25 Lot 5, Brgy. Virata, GMA, noong October 31, 2018 sa loob ng kanyang bahay.

Sa ulat ni PO3 Luis Divina, ng GMA MPS, matapos ang isinagawang operational research at backtracking at mga testimonya ng mga saksi at sa tulong ng Closed Circuit Television (CCTV) ay natunton at naaresto ang mga suspek dakong alas-3:00 Martes ng hapon (Novemebr 6) sa kanilang bahay.

Sa imbestigasyon, huling nakitang buhay ang biktima dakong alas-6:30 ng gabi noong October 31 kung saan napansin na may kainuman ang una sa kanyang tinitirhan sa rooftop na mag-isa itong nakatira.

Simula noon ay hindi na nakita pang lumabas ang biktima at noong November 3, 2018 ay natuklasan na lamang ni Glenda Gallano, may-ari ng bahay ang bangkay ng biktima sa kanyang higaan na tadtad ng saksak sa katawan.

Ayon kay PO3 Divina, lumalabas na kainuman ng biktima ang mga suspek noong October 31, kung saan mismong si Jayjay pa ang bumili ng Red Horse sa inuupahang tindahan ni Legarda.

Subalit pasado alassiyete ng gabi nang bumaba umano si Jayjay gamit ang kulay dilaw na Motorsiklo (MIO Sporty) ng biktima at nagtanong sa tindahan kung saan ang Alfamart.

Dagdag pa ni PO3 Divina, na ayon umano kay Jayjay na sa kalagitnaan ng kanilang inuman ay nagtalo ang biktima at mga suspek kung saan nagpupumilit umano si Legarda na "gamitin" ang una.

Narekober mula kay Jayjay ang motorsiklo ng biktima. **GENE ADSUARA**

# Calabarzon police gets new firearms, security devices

**CAMP GEN. VICENTE LIM, Calamba City** — The Police Regional Office 4-A's (Calabarzon) internal security operations received a boost with the turnover of nearly 500 rifles and about 100 hi-tech imagers and navigational devices here Monday.

Director Jose Maria Victor DF Ramos of the Philippine National Police's (PNP) Directorate for Logistics led the turnover rites at the grandstand where the firearms, ordnance, and security equipment were piled up.

PRO 4-A Director, Chief Supt. Edward E. Carranza assisted Ramos in the handover of the estimated 490 Galil 5.56 rifles, 74 thermal imagers, 26 Global Positioning System navigation devices, and a Toyota Coaster.

Ramos reminded the Calabarzon police force to show concern for the equipment.

"Kapag may nakita kayong konting sira sa ating mga kagamitan, i-report ninyo agad ito sa inyong immediate supervisor upang magawan ng paraan at hindi na lumala pa (If you notice a slight damage to our equipment, please report them immediately to your supervisor so we can find a way to fix these and prevent further deterioration)," he said.

Ramos also led the presentation of awards to deserving police officers and personnel for their dedication and commitment to the police service.

The awardees included Senior Supt. Renato S. Alba; Supt. Jerome G. Jalbuena; Chief Insp. Maximo L. Contreras; SPO1 Clifford G. Bassig Jr.; Non-uniformed personnel (NUP) Rosalinda B. Corbe and Fidela B. Ferrer.

Also given recognition were Cavite police director Senior Supt. William M. Segun and Cavite cops SPO4 Jose Ruba Castillo Jr.; SPO2 Joselito Alegre Amparo; PO2 Eduardo Babiera Reyes; and PO1 Noel Chavez Misenas.

Carranza thanked the PNP hierarchy for the new weapons and hi-tech gadgets as he, Ramos and top regional police officials inspected and tried the newly-acquired security equipment before these were issued to the various police units.

"Rest assured these items will be given utmost care and would certainly be utilized in its maximum in maintaining peace and security of the people of Calabarzon," he said. ***(Saul Pa-a/PNA)***

# Matandang mag-asawa, natusta sa sunog

**PATAY** ang mag-asawa, na kapwa senior citizen at kasalukuyang barangay kagawad ang lalaki, nang hindi na nakalabas at nasunog ang kanilang bahay sa Bacoor Cty, Cavite Martes (Nob. 6) ng madaling araw.

Halos hindi na makilala ang bangkay dahil sa matinding pagkakasunog ng mag-asawang Sozimo, 71 at asawang si Mercedita Nario, 65, kapwa residente sa 3-029 Brgy Panapaan 3, Bacoor City.

Si Sozimo ay kasalukuyang kagawad sa nasabing barangay at nakatira sa isang bakanteng lote na pagmamay-ari ng Francel Corporation Property kung saan caretaker ang kanyang asawang si Mercedita.


Sa ulat ni SPO1 Michael Legaspi, Jr., ng Bacoor City Police Station, dakong alas-3:07 ng madaling araw nang nagsimula ang sunog sa tinitirhang bahay ng mag-asawa.

Hinihinalang mahimbing na natutulog ang mag-asawa nang nagsimulang masunog ang kanilang bahay at hindi na nakalabas na nagresulta sa kanilang kamatayan.

Ayon kay Legaspi, malayo sila sa kanilang kapitbahay kaya walang sumaklolo o tumulong upang mapatay ang apoy at tanging mga kagawad ng City Fire Marshal ng Bacoor City ang nag-apula sa sunog na idineklarang fire under control dakong alas-3:28 ng madaling araw.

Nang ideklarang fire out dakong alas-3:38 ng madaling araw ay tumambad sa sa mga fire marshal ang sunog na bangkay ng mag-asawa.

Blangko pa ang awtoridad kung ano ang pinagmulan ng sunog na tinatayang umabot sa halagang P50,000 ang naging pinsala, dahil ang mag-asawa lamang ang nakatira sa lugar. **GENE ADSUARA**



## HANEP
Basahin Mo Ito!

## KALIBRE


ROMY SANTOS
0977-7844136




## 'Dugong dyarista'

PAGBATI sa mga bagong halal na opisyales ng Kapisanan ng mga Broadcaster sa Pilipinas.

Chairman Herman Z. Basbano (Bombo Radyo); Vice Chairman Butch Canoy (RMN); President Jun Nicdao (MBC); EVP Noel Galvez (Vanguard Radio Inc.);

VP TV Bobby Barreiro (ABS-CBN); VP Radio Francis Cardona (Radyo Pilipino);Treasure Fr. Manuel Bongayan (Radio Veritas Global Broadcasting System);

Corporate Secretary Lito Yabut (Primax Radio Corp.); at mga Directors, Erwin Galang (TV5),

Atom Henares (Progressive Broadcasting Network), at

Albert Sicat (University of Mindanao Broadcasting Network).

Minsan na rin po akong napalaot sa larangan ng broadcasting bilang blocktimer subalit sandali lamang.

Dalawang radio station ang aking napuntahan bilang broadcaster bago ako ganap na nagpasyang buksan ang pahayagang ito.

Kaya nga naudlot ang sana ay pag-apply ko sa KBP dahil mas tila nanaig sa akin ang dyaryo.

Sadyang likas sa akin ang pagiging isang 'dyarista' dahil matagal ding panahon akong nasa larangan ng print media.

Correspondent, photo journalist, columnist, writer at editor ang pinagdaanan ko sa mga napuntahan kong daily newspaper.

Minsan na rin akong naging news writer ng isang radio station.

Noong mga panahong iyon ay ang naganap na sunog sa Ozone Disco at ang kontrobersiyal na laban ni Onyok Velasco sa Olympics ang kabilang sa mga ginagawaan ko ng news articles.

Hindi biro ang maging isang manunulat sa isang radio station.

Kumusta po kay Fr. Bong.

Nabanggit natin ang katagang 'dyarista' dahil ako bilang isang publisher ngayon ng weekly newspaper ay maikokonsidera bilang isa na ring maliit na negosyante.

Malaki nga lamang ang pagkakaiba ng isang 'dugong dyarista' kumpara sa isang simple o karaniwang publisher na nakatuon lamang sa negosyo o kanyang dyaryo.


"Malinis Masarap, Laging Bago"
PING-PING Lechon & Rest. Inc.
Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services
Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622
Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668

Look for:
Bong or William